


PINAKAKAWALAN ANG TENSYON

 Salamat, Kapatid na Ruddell. Sobra akong natutuwa na alam kong may anak ako sa Ebanghelyo. [May sinasabi ang isang kapatid na lalaki—Pat.] Opo. Buweno, mainam. Mainam nga. Opo, talagang nagpapasalamat ako para kay Kapatid na Ruddell. At naniniwala ako—naniniwala ako na may anak din si Pablo sa pananampalataya na ang pangalan ay Timoteo. Tinuring niya ang binatilyong ito na anak niya sa Ebanghelyo.

² At di ko lang sigurado, si Flossy Ford po siguro ito, dati? [Sinasabi ni Kapatid na babaing Flossy, “Opo.”—Pat.] Siyanga ba, naku! Flossy, ako’y . . . Ang tagal na rin. Oo, ang tagal na. Naalala ko, nung maliit na bata pa lang ako, ang kapatid niyang lalaki, si Lloyd, at ako lagi kaming patakbo-takbo noon. At siya nama’y laging gumagawa ng malalaking keyk, alam n’yo, tapos nagpupunta kami roon at nakikikain hanggang sa mabusog kami nang husto, sa pagkain nun.

³ Naalala ko isang beses nung anyayahan nila ako, inimbita ako ni Lloyd. At kami . . . Gumawa ng keyk si Flossy. Bata pa lang din siya noon. Gumawa siya ng malaking keyk, at—at talagang kumain kami hanggang sa di na namin kaya. Sa isip isip ko, “Naku, baka magpapalipas ako nang buong gabi nito kina Lloyd.” Dumidilim na noon, alam n’yo, at buti na lang ay nagawa ko pa rin—nagawa ko pa ring makauwi. At kaya ako—ako nga’y nagmabilis at tumakbo na ako sa kalsada, at ako’y talagang kinakabahan, habang umuuwi.

⁴ At naalala ko—naalala ko ang tatay niya. Ang nanay mo ay buhay pa, sa palagay ko. Buweno, mainam. At marami pa noon ’yung tubig sa ilog nung panahon na ’yun. Oo. Heto na tayo ngayon, kapwa edad-media na, lolo’t lola na. Buweno, pero, may isang Lupain kung saan hindi na tayo tatanda. Kita n’yo? Nagagalak nga ako na malaman, Flossy, na hinahanap mo ang Lupaing ’yun, at sigurado ’yan na masusumpungan mo Ito.

⁵ At si Jim, kumusta na si Jim? Siya ba’y . . . Oo, naalala ko ’yun. Si Jim, asawa po niya. At talagang naaalala ko siya. At kilala ko rin ang ilan sa mga bata. Para ngang kami noon, nung panahon na ’yun, nasa dako na ako ng pagmimisyon, nung sila po’y ikasal, at ang mga anak nila’y lumalaki na. At para ngang nagkalayo rin kami, alam n’yo, sa isa’t isa.

⁶ Si Kapatid na Lloyd nama’y nakikita ko paminsan-minsan, tatawagin ko siya roon, sa kalsada. Marami-rami na rin silang nailutong pagkain para sa’kin. At ako’y . . . parang tunay na kapatid na lalaki’t kapatid na babae ang turing.

⁷ Ngayon, nagagalak ako na ang pinaka unang pagpupursige ni Kapatid na Ruddell ay sa dakong ito; na ginawa, ginamit,

ginawang bahay ng Panginoon itong isang bahay-panuluyan. Mainam po.

⁸ At, siyanga, alam n'yo, kung minsan nga kung nagagawa n'yong tumingin sa hinaharap, alam n'yo, at—at kung ganoon ay mas mainam. Mangyari nga na makikita natin na may kung anong espesyal sa kabataang lalaki na ito. At siya po'y mahiyain. Ang tatay niya't ako, roon, nagkasama kami noon sa trabaho mga ilang taon na rin ang nakararaan. At kilala ko ang tatay niya na laging-gising-at-handa at laging-may-pagkukusa, kaya anupa't ganun din ang kabataang lalaki? Alam ko rin na may kalugud-lugod siyang nanay. Kaya, tama ang pagpapalaki sa kanya, kaya tunay na may kung anong bagay na espesyal sa kanya, kita n'yo. At ang pananabik na 'yun sa puso niya, na makapaglingkod sa Panginoon! Kapag may kalaliman na tatawag sa Kalaliman, mayroon at mayroong Kalaliman na tutugon sa tawag na 'yun. At nagagalak ako na makita si Kapatid na Ruddell na nagpapatuloy.

⁹ Sa kalugud-lugod na grupo ng mga tao rito. At isa pong malaking pribilehiyo para sa akin, ngayong gabi, na makadako rito, at makapangusap sa grupo ng mga banal na pansamantala mismong lumalagi rito. Hindi tayo. . .Hindi ito ang permanente nating dako, alam n'yo. Mga manlalakbay tayo. Tayo nga. Wala tayo sa tahanan natin.

¹⁰ Naalala ko, si Kapatid na babaing Ruddell, kung paanong kayo po'y pumupunta't isinasama siya at nauupo riyen. At siya nga'y payuko-yuko lang noon. At ikaw naman ay talagang may kumpiyansa. Sila nga. Naniniwala ang kapatid na babae na ang binata'y—binata'y mangangaral ng Ebanghelyo. At kaya nga yamang may mainam na asawang babae na gaya n'yan, at isang tatay at nanay, at lahat na nananalangin para sa kanya, inaasahan na talaga 'yan na may espesyal na mangyayari, Kapatid na Ruddell. Kaya heto na ito. At dalangin ko, Kapatid na Ruddell, na ito'y magiging isang—isang dako na titindigan mo, kung saan makapapanhik ka sa kataas-taasan, para sa kaluwalhatian ng Ebanghelyo.

¹¹ Naniniwala ako na ang Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Ruddell, si Max riyen, sila'y makararamdam ng tunay na ligaya tungkol riyen, ngayong gabi. Ganoon nga rin ako na gusto kong makita si Billy Paul na tumayo sa pulpito. At sana ay abutan ko pa na makita si Joseph na tumayo sa pulpito. At napaka inam nga n'yan.

¹² Sa kabila ng pagsisikap at hirap na pinagdaraan natin, sa pagpapalaki ng mga anak nating kabataan na disi ang edad at ganoong mga bagay, magbubunsod 'yun ng maginhawang pakiramdam sa atin. Na babaling at titingnan ang uban sa buhok ni tatay, at kung ano pang bagay. Maaalala, 'yung ilan

sa inyong—ilan sa inyong maling gawi na itinama mismo roon. At 'yun—'yun nga'y tama.

¹³ Buweno, mainam po na makaparito. At ako'y medyo paos lang nang kaunti. Kagagaling ko lang sa mga pangangaral ko. Si Kapatid na Gene Goad at ako'y bumiyahe, kahapon, at kami po'y nagtungo sa tubigan. At ang mga isda po'y kumakagat agad. At—at kaya natuwa kami nang husto, atrasado na tuloy ang dating namin. At medyo napatagal nga kami sa tubig, at may kalamigan din, pero umaasa ako na makakapanatili kayo sa pakikinig sa akin.

¹⁴ Ngayon, naghahanda kami na umalis para sa malakihang pagmimisyong ngayong tag-init, siguro'y siyamnapung-araw na pagmimisyong. Inaasaan namin na makabalik nang dulong Agosto na, unang araw ng Setyembre. At bibiyahe na kami ngayon. Itong—itong sanlinggo na ito, sisimulan ko sa Green Bay, Michigan, babalik sa Chicago para sa Linggo ng hapon, doon sa hayskul, sa isang kombensyon. Mangungusap ako sa orihinal na kombensyon ng Christian Business Men sa Green Bay, Wisconsin. At pagkatapos, mula roon, papuntang Chicago. At tapos sa Lunes, nasa Chicago ako, sa isang—isang pagtitipon na kombensyon, sa isang pagmimisyong na pakikibaka para naman kay Kapatid na Joseph Boze. At pagkatapos uuwi, magpupunta sa timog, sa Southern Pines, North Carolina, at bababa ng South Carolina. Pagkatapos doon sa Cow Palace sa South Gate, Los Angeles. May nasa apatnapung Oneness na mga simbahan ang magtataguyod ng mga pagtitipon. Unang beses na ang Oneness ay magtataguyod ng pagtitipon ko.

¹⁵ Pagkatapos mula dun—mula dun ay tutuloy, sa California patungong Oregon, tapos sa Canada. At mula roon, pupunta ng Anchorage, Alaska. At pagkatapos babalik uli sa taglagas na ito, kung saan si Kapatid na Joseph Boze ay magpupunta ng Kenya, Tanganyika, Urban sa Aprika, Timog Aprika, para dun magbukas ng mga pagtitipon para sa susunod sa taglagas.

¹⁶ Ngayon, ang sabihin kung may pangunguna sa akin na magtungo sa alinman na mga dakong ito, wala po. Pero sa akin namang palagay ay nararapat na maghasik ng Binhi sa kung saang lugar, na magsisikap mismo na gumawa ng anuman na magagawa ko para sa Kaharian.

¹⁷ At ngayon yumuko lang po tayo uli para sa isa na namang pagdulog na pananalangin. Hindi dahil sa hindi pa tayo naipapanalangin, pero nais ko lamang humiling sa Panginoon na tulungan ako rito ngayon, nang sa gayon makapaglaan ng ilang Mga Salita para sa inyo.

¹⁸ Makalangit naming Ama, kami po ngayon ay dumudulog sa Iyong luklukan ng awa, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, Na nagbigay sa amin ng kapahintulutan at paanyaya na kami po'y lumapit, at ipagkakaloob sa amin ang mga bagay na amin pong

hinihiling, sa aming paglapit. Ngayon, di po namin hihilingin, ano't anuman, na kami'y tumayo sa Iyong paghatol. Bagkus ang nais nami'y makatayo sa harapan ng Luklukan ng Awa, nang sa gayon ay makatanggap kami ng habag, sa pagtatapat namin na kami'y mali. At wala pong kaluguran sa amin. Pero heto po na inihaharap namin ang aming mga sarili, Panginoon. Wala po kaming sukat maialay, panalangin lamang ng aming Panginoong Jesus, at ang paanyaya, na sinabi Niya ito, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na walang hanggan, at di paroroon sa Kahatulan, kundi lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Amin po 'yang sinasampalatayanan. Sinabi Niya na kami'y lumapit, hilingin ang kahit na ano sa Kanyang Pangalan, iyon ay ipagkakaloob. Sinasampalatayanan namin 'yan.

¹⁹ Sa batayan ng aming pananampalataya, dumudulog kami, na hinihiling na Iyong pagpalain ang iglesyang ito, at ang kalugud-lugod naming kapatid, na si Kapatid na Ruddell, at ang kanyang pamilya, at lahat ng mga pamilyang narito.

²⁰ Sa pagbaling ko nga roon at makita si Gng. Morris dito, ngayong gabi, at ang bulayin ang mga araw na matagal nang nagdaan. At, Diyos, gaya ng sinabi ko sa kanya, napakaraming tubig na ang umagos sa may ilog, at maraming mga panganib, paghihirap, at patibong. Iyo nga pong itinawid kami nang matiwasay sa lahat ng ito, Panginoon, at ang pagtitiwala namin ay nasa sa Iyo, sa pagdako namin sa dulo ng daan, sa Iyo.

²¹ Iyo pong pagpalain ang dakong ito. Iyong ilagay ang Iyong Pangalan dito, Panginoon, at ibigay sa kanila ang pinaka mainam na inilaan para sa dakong ito. Nawa ang kasamaan, gaya ng ipinanalangin ng isang kapatid na lalaki, ngayong gabi, dito, ng kabataang lalaki rito, ipinanalangin na Iyo pong alisin ang lahat ng mga sagabal. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyong tugunin ang kanyang panalangin.

²² Iyo pong pagalingin ang maysakit sa kalagitnaan namin. Iyo pong pagkalooban ng kaligtasan ang kaluluwa ng mga tao na nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran. At ngayon, Panginoon, Iyo pong pakabanalin ang tinig at ang—at ang pagsusumikap ng Iyong lingkod na kung tutusin ay walang sukat-pakinabang. At Iyo pong pagpalain ang Iyong Salita, at nawa po'y di Ito bumalik na masasayang lang. Kundi nawa, nawa'y mapangyari Ito, na magawa Nito ang nilayon para Rito. Nawa'y kunin ng Espiritu Santo ang mga bagay na ito ng Diyos, ngayong gabi, at bigyang sigla ang aming mga puso, mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay amin itong hinihiling. Amen.

²³ Ngayon, kaninang umaga, mahaba po ang pangangaral ko. At di nga ako ganoong kaalam mangaral. Ako po'y para bang nagtuturo lang ng Sunday school na aralin. Isang araw nga po,

nagturo ako nang anim na oras. Hindi po hahaba nang ganun, ngayong gabi, sinisigurado ko po.

²⁴ Hayan nga na may kaunting teksto ako rito, na nais kong magbasa ng kaunting Kasulatan, dahil alam ko na ang mga Salita Niya ay di nabibigo. Yung akin ay maaari po. Maaaring mabigo ang akin. At kaya sisikapin ko na ang aking salita ay nakatugma sa Kanya, at panghawakan mismo ang Kanyang Salita; kukunin ko ang salita ko, para bumuo ng konteksto sa palibot ng Kanyang Salita, na siya namang gagamitin natin na teksto.

²⁵ Nais kong bumasa sa dalawang dako, ngayong gabi. Nais kong bumasa mula sa Aklat ng Mga Kawikaan, sa ika-18 kabanata, at sa ika-10 talata, 'yan po ang isang dako. At 'yung isa namang dako, nais kong bumasa sa Isaias 32:2. Ngayon sa Mga Kawikaan 18:10.

Ang pangalan ng PANGINOON ay matibay na moog: tinatakbuhan ng matuwid, at naliligtas.

²⁶ At sa Aklat ng Isaias, sa ika-32 kabanata, una at ika-2 mga talata.

Narito, isang hari ay maghahari sa katuwiran, isang pangulo ay magpupuno sa kahatulan.

At isang lalake ay magiging gaya ng isang kublihang dako sa hangin, at kanlungan sa bagyo; gaya ng mga ilog ng tubig sa tuyong dako, gaya ng isang lilim ng malaking bato sa kinapapagurang lupain.

²⁷ At ngayon mula sa teksto, nais kong gamitin ito bilang teksto, itong...*Pinakakawalan Ang Tensyon*. Kakaibang teksto, "Pinakakawalan ang tensyon." Pinili ko po ito dahil, bago ako dumako sa isang pagtitipon, sinisikap ko sa tuwina na ako'y makapanalangin, at sikapin mismo na unahin ang Panginoon. Hindi 'yung tatayo sa harapan ng alinmang kongregasyon, maliit man 'yan o malaki, isa ang bilang hanggang isang milyon man, na tatayo hindi para ako ang makita nila o mapakinggan, kundi ang makaganda ng isang bagay sa ikaluluwalhati ng Panginoon ko, kaya naman, nakikita ko ang pangangailangan ng mga tao.

²⁸ At hinding-hindi ako paparito para ako ang mapakinggan, dahil kung tutuusin hindi naman ako maginhawang pakinggan; di maganda ang boses, hindi rin edukadong tao. At di rin ako makapanatili sa teksto ko; patalon-talon sa iba't ibang punto, mula Genesis hanggang Apocalipsis. At ako'y—ako'y di isang—isang—isang mahusay magsalita, pero tunay nga na iniibig ko ang Panginoon. At di ko—di ko maiibig si Cristo hangga't una'y ibigin ko ang Kanyang mga tao. Kita n'yo? Kinakailangan kong ibigin ang Kanyang mga tao. Kaya naman kung iniibig ko ang Kanyang mga tao, kung ganoon ay iniibig ko Siya.

29 At kaya gustung-gusto kong maging tulad sa ginawa Niya noon. Nais kong ang—ang aking mga layon ay parehas sa mga layon Niya, at, 'yun ay, ang pagsusumikap na makagawa ng mabuti sa tuwina, para matulungan ang ibang tao.

30 At ang makita ang araw na ito na kinabubuhayan natin, at yamang nalalaman na ang iglesya rito'y may kalugud-lugod na pastor. . .

31 Ngayon, di ko po sinasabi 'yan bilang pambobola, sinasabi ko 'yan galing sa puso ko. Kung magsasabi ako ng iba't hindi naman, ako po'y—ako po'y ipokrito kung ganun. At ako'y—ako'y naniniwala na ang iglesyang ito'y may pastor mismo na tumatayo sa Katotohanan, anuman ang dumating o umalis. Yan ang tiwala ko. Yan ang kumpiyansa ko sa aking—aking anak. At ako'y—ako'y nagtitiwala riyan. At ako. . . At siya po'y kung sa buo ang loob ay buo talaga ang loob. At kayo. . . Naniniwala ako na siya'y kagalang-galang, na banal na tao, na ipinadala mula sa Diyos, na may pagmi-ministeryo para sa huling araw na ito. At nangangaral siya nang siya ring sukat ng Salita na ipinapangaral ko, 'yan ay mula Genesis hanggang Apocalipsis, kung paano Ito naisulat. At gusto ko 'yan. Walang pakikipag-kompromiso, talagang nananatili lang sa Salita, at gustung-gusto ko 'yan.

32 Kaya naman naisip ko, sa isang lalaking tulad nito, na ako po'y tatayo sa kanyang pulpito, gayong batang-bata pang lalaki, ano kaya ang maaari kong ipangusap na makatutulong sa kanyang kongregasyon? Dahil, 'yan po ang dahilan kung bakit nais niyang pumunta ako rito. Isa siyang pastol, at binabantayan niya ang kanyang mga tupa. At iniisip niya na marahil ngayon naman, na maglagay ng kaunting bago, na ang mangangaral na ito'y magiging tulong sa kanyang mga tao. At siya'y may malasakit sa inyo. May malasakit siya sa inyong kapakanan. Araw at gabi, kumikilos siya sa tuwina, saan mang lugar 'yan, basta paglingap na anuman 'yan na magagawa niya. Buweno, 'yan—'yan nga'y isang tunay na lingkod ng Diyos.

33 At gaya ng sabi niya, sabi niya baka masyado niya raw akong nakukulit, o naiistorbo, o nagugulo, o kung ano. Hindi ganoon ang dating niya. Yan pa nga ang dahilan kung bakit mas humahanga ako sa kanya, kapag lagi siyang nakikiusap, dahil, 'yun, gustung-gusto ko 'yun, pinakikita lang na mayroon siyang kumpiyansa. Pinakikita lang na di niya ako ihaharap sa kanyang mga tupa kung nagbabalak ako na sasaktan ko sila. Hindi. Walang pastol ang maaatim ang ganoon. Dahil, iniisip niya na ang gagawin ko'y kung ano lang talaga ang tama. At isang. . . siya. . . Isang malaking pribilehiyo ang iginagawad niya sa akin kapag hinihiling niya sa akin na ako'y bumisita. At gusto ko ang kanyang—kanyang mga pakay, na “Manatili lang hanggang sa ito'y mapangyari.” Isa nga 'yang—isa nga 'yang lalaki ng pananampalataya, at nalulugod ako sa ganoon.

34 Kaya heto naisip ko, “Ano kayang ipangungusap ko sa kongregasyon na ito?” Naisip ko, “Buweno, sila marahil ay pinagsanay na nang husto sa lahat, di na nakapagtataka.” Pero mayroon ngang tensyon sa mga tao sa panahon ngayon. At ang tensyon na ‘yan ay hindi hanggang dito lang, o hanggang ganitong denominasyon lang. Hindi hanggang ganitong edad lang. Walang pinipiling tao. Mapa-bata o mapa-matanda man, mapa-mabuti man o mapa-masama man. Nasa lahat: tensyon.

35 Nabubuhay tayo sa neurotikong kapanahunan, tensyonado. Ang lahat ay nagkukumahog *rito*, at nagkukumahog *doon*, at wala namang nararangin. Ganoon na mismo ang kapanahunan. At alam ko na ang iglesyang ito ay maapektuhan nun, kung papaano ngang ang lahat ng mga lugar ay apektado nito. Ang tabernakulo namin ay apektado rin nito, lahat ng lugar, buong mundo.

36 Panahon ng tensyon. Apura, apura; apura, apura; apura at teka. Magmamaneho ng siyamnapung milya kada ora, at tapos pagdating ng bahay para maghapunan, haya’t maghihintay pa pala nang dalawang oras hanggang sa maihanda ‘yun. Ganoon nga. Ganyan na—ganyan na ang panahon. At sa pag-aapura at pagmamadali, nagbubunsod ‘yun ng tensyon sa inyo. Kapag may sasabihin na medyo kontra ang asawang babae, gusto mo nang sumabog agad: mainit agad ang ulo. May sasabihin lang ang asawang lalaki na kung anong bagay, idadabog mo na agad ang paa mo at uutusan mo siyang lumabas ng kuwarto. Kita n’yo? “Buweno, ngayon, mister ko, ayaw ko nang makarinig ng kung ano galing sa ‘yo. Lumabas ka na lang.”

37 “Misis ko, oh, natetensyon ako nang husto.” Kita n’yo? Bakit? Anong nangyayari? Kita n’yo?

38 Lahat ng ito, kapag pinagsama-sama, kapag naiipon nang naiipon ang tensyon, mangyari nga na ang resulta ay ganito: nakagagawa ng bagay na mali, at ang kilos ay wala na sa ayos. Ganoon nga. Ngayon, mahirap ka man ganun ang magiging kilos mo. Katatamtaman ka man sa buhay ganun ang magiging kilos mo. Mayaman ka man ganun ang magiging kilos mo. Yung di kagandahan ang ugali’y ganun ang magiging kilos. Yung may kagandahan ang ugali’y ganun ang magiging kilos. Maski maganda pa ang ugali ay ganun ang magiging kilos. Dahil, tensyon ‘yun, singaw, na namumuo. Kailangan ‘yung mailabas. Kita n’yo? Kung di mailabas, sasabog ang painitan.

39 Ngayon, nasumpungan natin. Na naiipon nang naiipon ‘yun habang lumilipas ang araw. Nakakausap mo ang boss mo, kapag nasa trabaho ka, “Oh, *ganito-at-ganoon!*” At pagkatapos kapag kausap mo na ang anak mong maliit, “Halika nga rito!”

“Mama! Ako. . .” Kita n’yo?

Hayan nga. Naiipon nang naiipon. Oooh! Naku! Kita n’yo? Pakiramdam mo para ka bang. . .sasabog ‘yung ulo mo. Alam

ko. Ako man ay nakakaranas, araw-araw, kaya alam ko—alam ko ang pakiramdam. Naiipon 'yun nang naiipon. Ako nga . . .

⁴⁰ Binulay ko ito, nung isang gabi. Nasa isang ospital ako. At ang pastor namin, akala ko may sakit lang siya, pero pagod na pagod lang pala siya. Apura, apura, apura, apura, hanggang sa naubos ang lakas niya. At may ilan na ang sabi, tumawag, tumawag sila sa opisina roon, tinanong ako kung puwede bang ako ang pumunta dun sa mga tawag na para sa kanya. Buweno, buong maghapon nga akong may inaasikaso, mga ministro po mula sa iba't ibang lugar. Sabi ko, "Sige." Buweno, ako nga'y nagtungo para puntahan ang mga tawag sa kanya.

⁴¹ At kaya nagpunta ako sa isang ospital. At ibinigay nila sa akin 'yung pangalan nung babae, at isang—at isang numero kung nasaan siya. Nagpunta ako roon sa silid. Pinuntahan ko 'yung ginang. At parang—parang labing-lima, dalawampung minuto 'yun noon bago 'yung oras ng pagtanggap ng bisita. Kaya nagtungo ako roon at sinabi sa ginang na ministro ako at gusto kong makipagkita sa isang, isang babae. Tiningnan niya ako sa mukha. At may ginagawa kasi siya noon. Bumaling siya, unang-una, at sabi, "Anong gusto mo?"

Sabi ko, "Gusto ko po sanang malaman kung sa aling ward naroon si *ganito-at-ganoong* ginang."

Sabi ng babae, "Di ko lang alam."

Sabi ko, "Buweno, may ibinigay kasi sa aking numero, na 'yun 'yung lugar, at kaya naisip ko na ipagtanong muna."

Sabi, "Buweno, kung binigyan ka naman pala ng numero, puntahan mo na lang."

"Salamat po."

Pinuntahan ko at pumuwesto roon sa may pinto ng ward. Sabi ko, "May ganito po bang ginang dito, ang pangalan ay *Ganito-at-ganoon* po?"

"Wala."

Buweno, umatras ako't tiningnan ko 'yung tiket ko. Yun naman ang sinasabing lugar. Kaya bumalik ako, at nakatayo roon 'yung babae. Sabi ko, "Mali 'yung numero."

"Ano nga uli 'yung sinabi mong pangalan?" Sabi ko. Sabi, "Wala siya sa palapag na ito."

"Salamat po." Sabi ko, "Aakyat ako kung ganun."

Kaya, nagpunta ako sa kasunod na silid. At nagpunta ako sa . . . Una pala, may doktor na nakaupo roon sa likod ng mesa, at nakaupo roon, nagkakamot ng ulo. Sabi ko, "Kumusta po?" Tumingin lang siya, tapos tumango.

Buweno, sa isip-isip ko, "Huwag ko na lang kaya siyang istorbohin."

Kaya lumakad pa ako dun sa pasilyo, at may nakita akong binibini dun sa likod ng mesa, isang nars. Sabi ko, “May itatanong lang po sana ako.”

Sabi, “Anong gusto mo?”

Tapos sabi ko, “May ginang ba dito na *ganito-at-ganoon* ang pangalan?”

Tapos sabi niya, “Di ko lang alam.” Tapos sabi ko . . . Sabi niya . . .

Sabi ko, “Bibisita po sana ako sa—sa silid bilang 321 o 221.” Tapos sabi ko, “Nagpunta ako sa silid na ’yun, at wala namang naroon. At ang sabi nung babae roon, ‘Walang may ganyan na pangalan dito, kaya,’ sabi, ‘siguro sa taas ’yan.’”

Tapos sabi niya, “Buweno, kung ganoon po bakit di ka pumunta sa two . . . 321 kung ganoon.”

Sabi ko, “Salamat po.”

Bumaba ako sa 321, ako . . . o sa two-twenty- . . . 321. Sabi ko, “Mayroon po bang ginang dito na ang pangalan ay *Ganito-at-ganoon*?”

“Wala.”

May ginang na nakahiga roon, sabi, “Nandun siya sa tapat na silid lang, sa tapat na silid lang doon sa—doon sa kabila, sa thirty-one.”

Sabi ko, “Salamat, ginang.”

Pinuntahan ko, sabi ko, “May ginang *Ganito-at-ganoon* po ba rito?”

“Wala. Inilipat nila siya. Nasa baba na.”

Sa isip-isip ko, “Oh, naku!”

Bumaba tuloy uli ako. Ako—ako . . . At ang ginang . . . Haya’t ibinigay nila sa akin ’yung numero ng silid. At kaya bumaba na ako, at tiningnan ko ’yung buong . . . Parang ayaw ko nang pumunta uli dun sa mesa para magtanong. Kaya tiningnan ko na lang sa lahat taas-baba, sinisikap na hanapin ’yung silid. At hinanap ko—hinanap ko, at di ko talaga makita.

May pahaba pang mga pasilyo mula sa gitna at pasikot-sikot sa ospital na ’yun. Haya’t parating na itong isang doktor, na may mga stethoscope sa kanyang kamay, at bag. Di pa ako nakakakita ng lalaki na apat na talampakan ang taas at apat na talampakan ang lapad, pero para ngang pantay lang ’yung kanyang . . . Naglalakad siya roon. Sabi ko, “Magandang gabi, po. Maaari n’yo po bang sabihin sa akin kung saan naroon ang silid bilang *ganito-at-ganoon* kung nasaan?”

Sabi niya, “Didiretso ka *rito* tapos palabas *dun*.”

Sabi ko, “Salamat po sa impormasyon.” Ganoon pala. Sabi niya, “Didiretso ka *rito* tapos palabas *dun*.”

At sabi ko, “Salamat!” Sa isip-isip ko, “Naku di ko pa rin mahanap.”

⁴² Tumingin ako roon at may binibining nakatayo roon na mukhang mabait sa may mesa. Lumapit ako sa kanya, at sabi ko, “Magandang gabi po.”

Sabi niya, “Kumusta po?”

⁴³ Sabi ko, “Binibini, nalilito po kasi ako.” Tapos ikinuwento ko sa kanya kung anong nangyari sa akin. Sabi ko, “May ginang dito sa kung saan na operahan sa umaga, at malapit na siyang mamatay. Isa po akong ministro, at ang pastor namin na nasa ibang lugar ay di makapunta sa tawag, at ibinigay nila sa akin ang numerong ito.”

Sabi ng binibini, “Sandali lang po, Kapatid na Branham, hahanapin ko.” Siya . . .

“Buweno, salamat—salamat sa Panginoon.”

Hininto niya muna ’yung ginagawa niya at lumakad doon, at nalaman . . .

“Oh,” sabi niya, “opo, Kapatid na Branham, nandiyan siya sa silid bilang *ganito-at-ganoon*, sa kaliwa mo lang, diyan po.”

⁴⁴ Sabi ko, “Salamat, na marami.” Bumaling ako at tumingin.

⁴⁵ Sa isip-isip ko, “Ganoon pala, pakawalan ang tensyon.” Ang lahat . . . Sadyang patungo na sa isang—isang neurotikong panahon. Ang lahat ay punung-puno na. Wala nang oras para sa kung ano. At kung naipon ’yun nang naipon anupa’t sisirain nun ang mga bagay-bagay. Ibinubunsod nun na ang mga tao’y sumama ang loob, kapag bigla na lang silang mabubulyawan nila, at—at may nasasabi sa kanilang mga bagay na di n’yo naman intensyon na sabihin.

⁴⁶ Ngayon, ang lahat po’y aminado riyon. Aminado ako. Lahat kayo’y aminado. Tayo, nakagagawa tayo ng mga bagay-bagay dahil sa tensyon na kung sa ibang pagkakataon ay di naman natin ginagawa, kaya may—may apaw-apaw na tensyon lang na naiipon nang naiipon ngayon. Naniniwala ako . . . Bago po ako magpatuloy pa, sasabihin ko lang ito. Naniniwala ako na ang kaaway ’yan na sumasalakay at nanggigipit. Naniniwala ako na ang diyablo ’yan.

⁴⁷ At alam natin na ang Pagparito ng Panginoon ay napipinto na. At ang sabi ng Biblia, sa huling mga araw, na, “Ang diyablo ay gumagala na gaya ng umuungal na leon.” At kung kanyang naibubunsod na kayo’y magipit sa tensyon, sa pag-aapura, na minamadali ang isang bagay, makagagawa kayo ng mga pasya na hindi n’yo magagawa kung uupuan n’yo at pag-iisipan maigi.

⁴⁸ Mga tatlong taon ang nakararaan, nasa biyahe ako noon sa pangangaso, at may kasama akong Indian na nakakaalam nung lugar. At ako nga’y—ako nga’y madalian kung mangaso. Sadya

ngang, ganoon kasi ako, kita n'yo, isa sa mga punung-puno ng tensyon.

⁴⁹ Kaya ako'y—ako'y nangangaso kasama ang Indian na ito, at bumaba ako ng kabayo. At may usang-elk na nasa bundok, at sinimulan kong ikutan 'yung dalisdis. Yung matandang Indian ay mga sampung taon ang tanda sa akin. Hayan nga't siya'y pahingal-hingal, habang sumusunod sa likod ko. Sabi ko, "Tara na, ginoo. Tara na!"

Sabi, "Dali-dali masyado! Dali-dali masyado!"

Sa isip-isip ko, "Oh, buweno!" Sabi ko, "Tara na, at bilisan na lang natin nang kaunti."

⁵⁰ Sabi niya, "Dali-dali masyado!" Binagalan ko, nang isang baitang. "Dali-dali masyado!" Hayan nga't parang naglalakad na lang ako. "Dali-dali masyado!" Oh, grabe!

Sabi ko, "Ginoo, nandun na kasi sa itaas ang elk!"

Sabi niya, "Di siya aalis diyan. Ipinanganak siya diyan."

Sabi ko, "Oo nga naman."

"Di siya aalis diyan, ipinanganak siya diyan." Sabi niya, "Mangangaral dali-dali masyado mangaso, bulabog ang lahat ng usa." Sabi, "Dapat Indiang gawi. Isang hakbang, masid ay siyam."

⁵¹ Buweno, iniisip ko nga kung anong baitang ng bagal ang ilalakad ko, hanggang sa makaabot ako dun? Samantalang, ako nga'y apuradong makadako roon, sa itaas nung bundok. Sabi niya, "Isang hakbang, tapos masid ay siyam. Magmasid sa buong paligid, masdan ang lahat, nang siyam na beses, bago ako humakbang nang panibago." Oh, grabe! Pero, nakita n'yo, hindi nga siya nagmamadali. Naisip ko 'yun.

⁵² At ang kalugud-lugod kong matandang nanay, na naron na sa Kaluwalhatian ngayong gabi; may nagsabi, "Bakit di ka maglagay sa damit mo ng puting bulaklak ngayong araw, na ibig sabihin ay patay na ang iyong nanay?"

⁵³ Sabi ko, "Ang nanay ko po'y hindi patay. Ang nanay ko'y nabubuhay."

At tapos pula 'yung inilagay ko sa damit ko, at mangyari nga na 'yung mga tao'y nagtatanong, "Akala ko namatay na ang nanay mo."

Kaya para di sila malito, at maiipon lang nang maiipon 'yung tensyon, pinakawalan ko. Kita n'yo? Hindi siya patay. Natutulog lang siya. Siya'y nakay Cristo.

⁵⁴ At hayan nga ang pagkanerbiyos na neurotikong panahon na kinabubuhayan natin! At alam n'yo ba, sa likod ng lahat ng ito, ang mga doktor nga'y walang tugon, dahil apektado rin sila nito, siyanga rin. Wala silang pangtugon. Hindi nila alam ang gagawin nila.

Sasabihin n'yo, "Oh, doktor, parang ako'y—ako'y—ako'y sasambulat na ang aking ulo. Di ko alam kung anong gagawin ko. Ako. . ."

"Buweno," sasabihin niya, "Maski ako nga rin. Buweno, wala nga kayong anuman na magagawa." Maaari niya kayo sigurong bigyan ng pampakalma. Pero kapag kumupas na ang bisa nun, mas lalong iigting 'yung pagkanerbiyos n'yo kumpara nung una; para 'yang lasing na lalaki, na iinom ng isa pang alak, para makalubay raw sa kalasingan niya. Kita n'yo? Kaya hindi n'yo—hindi n'yo matatakas. Walang katugunan. Wala sila nun.

⁵⁵ Pero, ang Diyos ay may katugunan. Yan ang bagay na nais nating makuha, pag-usapan, para makamit ang katugunan. Nasa Diyos ang katugunan. Siya ang katugunan. Si Cristo ang katugunan sa lahat ng problema na mayroon tayo. Ngayon, atin ngang pag-usapan Siya ngayon.

⁵⁶ Ngayon, sa Lumang Tipan, may panahon noon na ang tao'y naibubunsod niya na maipon nang maipon ang tensyon, at 'yun 'yung panahon na nakagawa siya ng mali. Kung may napatay siyang inosenteng tao, buweno, siya nga'y magiging pugante. Dahil, sa mismong oras na napatay niya 'yung tao, o nung oras na magawa niya ang pagkakamali na 'yun; 'yung tao na nagawan niya nung atraso, 'yung ilan sa mga kamag-anak nun ay tutugisin siya hanggang sa mahuli nila siya, at papatayin nila siya. "Noon kasi'y ngipin sa ngipin, at mata sa mata." At, nakita n'yo, ang tao ngang 'yun ay walang makukublihan.

Kung nagawa man niya 'yun nang aksidente lang, at, hayan nga't, di maniniwala agad ang mga tao, buweno, kailangan niyang tumakas. Dahil sa mismong oras na 'yun na—na nagawa niya 'yun, mangyari nga na ang—ang mga kamag-anak nung lalaki, o babae, sinuman 'yun, sisimulan nilang tugisin siya. At sa oras na matugis nila siya, "Noon nga'y ngipin sa ngipin, at mata sa mata." Ganoon ang paraan ng pamumuhay nila noon.

⁵⁷ At mangyari nga na di siya puwedeng huminto sa kung saan. Isa kasi siyang pugante. Di niya alam ang gagawin niya, at lagi siyang tumatakas.

Mismong tipo sa panahon ngayon. Yan sa palagay ko ang nagdudulot ng sobrang tensyon. Nasa gitna tayo ng pagtakas. Yan ang problema sa mundo, yamang nalalaman nila na mali sila. Yamang nalalaman na ang Pagparito ng Panginoon ay napipinto na, at ang tensyon ay naiipon nang naiipon. At sila'y tumatakas; bahay-inuman, bahay-sugalan, karangyaan, kasalanan, pagkabulok ng moralidad, kung anu-ano, para makapagpakawala ng tensyon. Susubaybay sa telebisyon, mahahalay na biro, kung anu-ano, para makapagpakawala ng tensyon. Tumatakas sila. May bagay na napipintong mangyari. Alam nila 'yun, at nagpapakalasing sila hanggang mamatay,

nagpapakasasa sa kalayawan at lahat na ng kung anu-ano, tumatakas.

⁵⁸ Alam nila na may bagay na napipintong mangyari. Bali-balita 'yan sa mundo. Alam natin na may bagay na napipintong mangyari. Itong mundo'y maaaring sumabog bago mag-umaga. Ang bawat bansa ay nasa ilalim ng tensyon. Bakit?

⁵⁹ Isang beses nasa Aprika ako, at pinapanood ko ang isang tupa na kumakain. Isa 'yung kordero, oh, isa 'yung tupa na katamtaman ang laki. At kumakain nang tahimik ang munting nilalang na ito, at bigla-bigla na lang siyang di mapakali. At mangyari nga na sasabsab siya nang isang beses; tapos titingin siya sa paligid. Sasabsab siya nang isang beses. May sandali, na payapa siya. Tinitingnan ko siya. Payapa ang itsura niya. Sa isip-isip ko, "Hindi ba't kay tahimik naman diyan? Tingnan mo ang munting nilalang na ito." Yung pastol na tumitingin sa kanila ay napunta roon sa kuwadra, sa likod; isang katutubo, itim.

⁶⁰ At pinapanood ko ang munting nilalang. At bigla-bigla na lang siyang nakaramdam ng pagkanerbiyos. Sa isip-isip ko, "Ano kayang nangyari sa munting tupa na ito?" Sinisilip ko nga siya, hayan nga, gamit ang largabista. At nakaramdam siya ng sobrang pagkanerbiyos. Titingin siya sa gawi *rito* at bigla na lang papaling sa gawi *roon*. Nagsimula siyang umunga. Di niya malaman ang gagawin niya. Sa isip-isip ko, "Ano kayang nagbunsod sa munting tupa na di siya mapakali, nang bigla na lang?"

⁶¹ Ngayon, naroon siya sa isang munting kaparangan na pastulan. Pero doon sa banda roon, napansin ko na may kung anong lumilitaw-litaw at tumatago-tago uli, nasa kalahating milya ang layo sa kanya. Nakatago roon sa may talahiban, may pumupuslit na leon. At 'yung munting tupa, may kung ano sa kaibuturan niya na natitigatig na alam niyang may panganib sa kung saan. Di niya 'yun nakikita. Pero naamoy na pala ng leon ang tupa, at ang leon sa isang iglap lang ay puwede na niyang lapain ito, bago makabalik dun ang pastol, na palalayasin siya.

⁶² Mangyari nga, na sa pagmamasid ko sa kanya, namumuo ang tensyon. At sa di kalayuan ay heto ang leon na pumupuslit, nang dahan-dahan. Gayong, di makita nung-nung tupa ang leon, pero may kung ano sa kaibuturan niya na nagsasabi sa kanya na may napipintong panganib.

⁶³ Ganyan din ito sa panahon ngayon, na may kung anong bagay sa kaibuturan ng tao, na nagpapaalam sa kanila na may bagay na napipintong mangyari. Alam natin 'yan. Alam 'yan ng Cristiano. Alam 'yan ng sanlibutan. Alam 'yan ng lasenggo. Alam 'yan ng sugarol. Ang negosyante, ang mga gobyerno, ang U.N., lahat sila'y alam nila na may bagay na napipintong mangyari. Namumuo nang namumuo ang tensyon.

64 Ang mga kababaihan, mga nanay, sigarilyo dito't sigarilyo doon! Nakikita ko nga sila na nagpupunta ng eskuwelahan. Sumisingit na lang sila bigla sa linya namin. Kailangan ko pang matyagan ang mga anak ko't ang aso ko. Sa lugar kung saan dalawampung milya lang kada ora ang dapat na takbo; pitumpung milya sila kada ora, mga kababaihan na inihahatid ang mga anak nila sa eskuwelahan. Ipit-ipit ang sigarilyo sa kamay nila, nakalabas ng pinto, nakikipagtalo sa kanilang mga anak, at doon sa lansangan haya't biglang apak sa preno, tapos, o 'yung gulong, haya't bumabakat 'yung gulong sa kalsada. At heto sila na magmamaneobra. Kitang-kita ko nga 'yung hangin na halos tangayin 'yung apat o limang maliliit na bata sa kalsada, nung isang araw, dahil sa isang neurotikong nanay. Saan ba ang punta niya? Anong nangyayari? Marahil may kung anong programa sa telebisyon, na ipalalabas marahil, na gusto niyang hindi mapalampas.

65 Pero, ganoon nga, tensyon. May bagay na nagdudulot nun. Sila naman noon, ay di ganoon. May bagay na napipintong dumating. Ang kamatayan at pagkawasak ay nasa daan na mismo't paparating. Hindi na ganoong kalayo. May bagay na napipintong dumating.

66 Ngayon, sa Lumang Tipan, yamang nakikita ng Diyos, ang ganitong problema, na aksidente lamang 'yun at hindi sinadya. Kaya, kung inosente ka, at di mo sinadyang gawin, ang Diyos ay gumagawa ng daan para sa inyo.

67 Ngayon, kung may lalaki na pumatay sa isang lalaki, nang sadya talaga, pinagplanuhan, siya nga'y mapapahamak. Hindi siya puwedeng dumako sa lugar na 'yun. Pero kung aksidente lang 'yun, at di niya sadya, kung ganoon ay may isang bayan na kanlungan. Ang isa ay sa Ramoth-Galaad. At apat pang lugar, sa palagay ko, na itinakda ni Josue ang mga bayan na ito ng kanlungan.

68 Ngayon, ngayon, ang mga tao'y maaaring magpunta sa bayan na ito na kanlungan kung aksidente siyang nakagawa ng mali. Hindi niya sinasadya. Maaari siyang magpunta sa bayan na 'yun na kanlungan, at magpunta roon sa pintuang-bayan. Tatanungin siya ng tagapagbantay ng pintuang-bayan kung bakit siya pumaroon, ano ang pakay ng kanyang pagpunta. Tapos iaapela ang kanyang kaso. At kapag ang kaso niya ay iaapela sa pintuang-bayan, at ang tao'y natagpuang inosente, na di niya 'yun nagawa nang sadya, mangyari nga na ang tao ay papapasukin sa bayan, bilang dakong kanlungan. Tapos ang kaaway nga'y di na siya makukuha pa.

At kung nagsinungaling siya at sinadyang gawin ang mali, at nagpunta roon sa bayan na kanlungan, kahit na nakahawak pa siya dun sa sungay ng dambana, ang kaaway niya ay may pribilehiyo at karapatan na kaladkarin siya mula sa dambana

at patayin siya, siyanga, po, dahil may kasalanan siya, kanyang pinlano, at marapat lamang na maparusahan siya.

⁶⁹ Ngayon, may bagay nga na kalakip dun. Siyempre naman, ang lalaking 'yun ay nenerbiyusin, naku, marahil, sandosenang kalalakihan ang tumutugis sa likod mo. Kung saan-saang dako, sa bawat bato, bawat burol, bawat palumpong, ang kalaban, may nakatayo lagi na handang sumunggab sa kanya. Siya'y ninenerbiyos. At pagkatapos nung makapasok na siya sa bayan, maaari na niyang pakawalan ang tensyon. Ligtas na siya. Siya'y maayos na ang lagay, dahil may inilaang dako para sa kanya. May inilaang daan ang Diyos para sa inosenteng lalaki na 'yun, para di siya mapatay, bagkus ay mailigtas siya mula sa pagpapaslang, dahil nagawa niya 'yun nang aksidente, ngayon, kung di niya sinadyang gawin 'yun.

⁷⁰ Ngayon, kung sinadya niyang gawin, buweno, kailangan niyang—kailangan niyang harapin ang kahihinatnan. Mangyari nga na di siya pagbibigyan kung ginawa niya 'yun nang sadya.

⁷¹ At may dalawang uri ng tao sa panahon ngayon. Hayaan n'yong sabihin ko ito. May mga kalalakihan at kababaihan sa mundo ngayon, Kapatid na Ruddell, na kung maaari'y ayaw nilang magawa ang mga bagay na ito na nagagawa nila. May mga kalalakihan at kababaihan sa mundo ngayon, na ayaw magkasala. Naaawa ako sa kanila. Ayaw nilang makagawa ng bagay na mali, pero nagagawa nila. Sila'y nahahatak dun. Ngayon, may dako para sa tao na 'yun na nagnanais gumawa nang tama. May dako para pakawalan ang tensyon. Totoo 'yun. Pero may ibang tao na walang pakialam.

⁷² Nung isang araw, isang kapatid na lalaking, Hickerson, kinuhanan niya ako ng pases mula sa warden ng federal na bilangguan sa . . . sa La Grange, Kentucky, para makapasok, makapangisda. At may nakatagpo akong itim na kabataang lalaki dun na mula sa Louisville. At sabi niya sa akin . . . Sabi ko, "Isang disente, matalinong kabataang lalaki na tulad mo, anong ginagawa mo rito sa loob?"

⁷³ Sabi niya, "Buweno," sabi, "reverend, heto nga 'yun." Sabi, "Di ito kasalanan ng kung sino kundi kasalanan ko." Sabi, "Ako—ako—ako nga'y kabahagi noon sa Panginoon." Ang pangalan niya ay Bishop. Sabi niya, "Tinatawag nila akong 'Banal na Bishop' dahil naglilingkod ako sa Panginoon." Sabi niya, "Ako at ang maybahay ko, may—may anak kaming babae." Tapos sabi, "May isang beses na di ko nakayanan, kaya umayon ako sa sanlibutan, napalayo mula sa Panginoon." Sabi, "Cristiano ang tatay at nanay ko." Tapos sabi, "Nagsilbi ako nang apat na taon sa ibayong-dagat, sa Korea," binanggit 'yung maraming mga pakikidigma na naroon siya, mga parangal at iba pa. Sabi niya, "Mangyari nga na sa dakong 'yun wala

kaming ginawa kundi magpunta sa sayawan at kung anu-ano. Napahalubilo ako sa maling grupo na pakikisamahan.

⁷⁴ “Tapos isang araw, may lumapit sa aking dalawang kumpadre at sabi, ‘Bishop, gusto naming pumunta ng Quaker Maid, para mamili ng mga kagamitan sa bahay. Maaari mo ba kaming samahan dun?’”

Sabi, “Tamang-tama namang tinatawag na ako ng maybahay ko para maghapunan. At kaya ang sabi ko. . . Sabi, tinawag ako ng maybahay ko na pumasok na, sabi, ‘Mahal, huwag kang sasama sa kanila. Walang mabuting mapapala sa mga kalalakihan na ’yan. Kailangan tayong lumayo sa kanila, bumalik sa simbahan uli.’”

Tapos sabi niya, “Buweno,” sabi, “Sabi ko, ‘Nakakahiya naman sa kanila. . . Gustong mamili nila kumpadre.’ Sabi, ‘Nakakahiya naman na di ko sila masamahan.’ Oo’t, ang sabi, ‘Pahihiramín ko na lang sila ng kotse ko.’”

“Sabi, ‘Huwag mong gawin. Ipapahamak ka lang ng mga ’yan.’ Tapos sabi, ‘Sige ihatid mo na lang sila, tapos bumalik ka agad.’”

⁷⁵ Sabi, “Hinatifid ko sila dun, at huminto lang sa paradahan ng sasakyan.” Sabi, “Nakaupo ako roon, na naghihintay. At bigla na lang, tumunog ang alarm, at lahat. At heto nang paparating sila kumpadre, aba’t kapwa may baril sa kanilang kamay. Tapos isinara ko ang pinto ng kotse. Sabi ko, ‘Di kayo puwedeng sumakay.’” At isa sa mga lalaki’y hinampas siya sa ulo, tapos aktong kakaladkarin siya, iniumang ’yung baril. Sabi niya, “Hindi n’yo ako madadawit.”

Iniumang ’yung baril sa loob ng sasakyan, sabi, “Kung ayaw mong matagusan ng bala ang katawan mo! Sige’t iiwan ka namin dito, tatakas kami.”

⁷⁶ Sabi niya, “Di kayo puwedeng tumakas. Mahuhuli kayo. Sabihin n’yo sa kanila kumpadre na wala akong kinalaman dito. Hindi ko—hindi ko intensyon na madawit dito. Nakaupo lang ako—nakaupo lang ako rito. Inosente ako.” At nung sandali na ’yun ay dumating ang mga pulis.

⁷⁷ Inapela nila ang kaso. Sabi niya, “Naisip ko na masama rin ang iniisip ng piskal, dahil ang sabi niya. . .” Heto ’yung mga pagtatanong na sinabi niya. “Kotse mo ba ito?”

Sabi niya, “Opo, ginoo. Pero ako. . .”

⁷⁸ Sabi niya, “Sagutin mo ang mga tanong ko.” Oh, kapatid, may pamamaraan talaga ang diyablo para igiit ’yun. Sabi, “Sagutin mo ang mga tanong ko.” Sabi, “Kotse mo ba ito?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

“Yan ba ang numero ng lisensya mo?”

“Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Nandun ka ba sa paradahan ng kotse?”

Sabi niya, “Buweno, sinasabi ko nga sa inyo . . .”

Sabi niya, “Sagutin mo ang mga tanong ko.”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

⁷⁹ Sabi niya, “Hayan ka nga.” At batay sa detalye ng ebidensyang 'yun, pinatawan nila siya ng sampung taon, 'yung mga kumpadre nama'y pinatawan ng habambuhay.

⁸⁰ Ngayon, sabi niya, “Kita mo, kapatid, nahalubilo lang ako sa maling mga kasama. Wala ngang dapat sisihin kundi ako.” At tama naman. Ngayon, may sampung taon siyang bubunuin, para pakawalan ang tensyon. Ipinanalangin ko siya. Si Kapatid na Wood diyan, at ako, nakaupo kami dun sa tubigan. Tapos hinawakan ko 'yung kabataang lalaki sa kamay, at nanalangin ako para sa kanya, doon sa tubigan, na bigyan siya ng Diyos ng parole. At patuloy pa rin akong nananalangin para sa kanya, na gawin ng Diyos.

⁸¹ Ano 'yun? Tensyon, inosente, isang lalaking inosente. Ngayon, ang lalaking 'yun ay dapat mabigyan ng pagkakataon.

⁸² Ngayon, kung nais n'yong gumawa mismo ng tama, ikinagagalak ko, ngayong gabi, na sabihin sa inyo na may bayan na kanlungan. Yun ay si Jesus Cristo. Kung di n'yo ibig na gumawa ng mali, ang kalaban ay tumutugis sa likod n'yo, mangyari nga na may daan para makaalpas, at ang pag-alpas na 'yun ay si Jesus Cristo. May isang dako na maaari kayong pumunta at pakawalan ang tensyon. Pero kung ibig na ibig mong magkasala, at ayaw mo sa Diyos, kung ganun maaabutan ka ng kaaway sa kung saang dako. Wala na kayong . . . Di na kayo makalalapit pa kay Cristo, dahil ayaw n'yo naman.

⁸³ At kapag ang lalaking ito'y paroroon kay Cristo, ang dako na ito na kanlungan . . . Kapag pumasok na ang isang lalaking ito, sa Lumang Tipan; ang unang-unang bagay, kailangan na siya'y magtungo roon sa malaya niyang pagpapasya. At 'yan din ang pamamaraan ng paglapit mo dapat kay Cristo.

⁸⁴ Isa pang bagay, kailangan may katiwasayan ka habang naroon ka. Di mo . . . Hindi maaari na naroon ka buong araw, na paiyak-iyak, “Gusto ko nang makalabas dito. Gusto ko nang makalabas dito.” Ilalabas ka talaga nila. Kailangan buo sa kalooban mo na manatili roon. Kailangan ay gustong-gusto mo talagang manatili dun sa loob ng bayan na 'yun.

⁸⁵ At sa pagdulog mo kay Cristo, hindi maaari na lilingon-lingon ka pa sa sanlibutan. Ang sabi nga ng Biblia, “Ang humahawak sa araro, tapos babaling para lumingon, ay hindi karapat-dapat sa pag-aararo.” Ngayon diyan nga nagkakamali ang marami sa mga tinagurian lang na Cristiano. Kita n'yo, umaakto sila na parang nag-aararo, pero kapag may munting bagay lang na dumating, nadidiskaril na agad sila, tungkol dun.

⁸⁶ Nung isang araw ay may karanasan akong ganun, gaya ng nalalaman n'yo nang lahat. At nagpapasalamat ako para sa mga panalangin n'yo. Kapag nangangaso ako, at nangingisda, at nag-eensayong mamaril ng target, at ganoong mga bagay, gustung-gusto ko talaga na magkaroon ng Weatherby magnum na mahabang baril. Buweno, may mga kaibigan ako na oradora'y bibilhan ako. May mga kakilala ako, na kung banggitin mo lang sa kanila, tuwang-tuwa pa sila na bilhan agad ako. Sa totoo lang, dalawa o tatlo ang gustong bilhan ako. Pero di ko kasi gustong makita sila na gumagastos ng ganoong kalaking pera para bumili ng isang mahabang baril, samantalang may mga kilala akong mga misyunero na wala man lang maisuot na sapatos sa kanilang mga paa. Kaya di ko maaatim 'yun. At mangyaring binigyan ni Kapatid na Wilson si Billy Paul ng isang munting .257 na Roberts. At may isang kapatid na lalaki, na kaibigan ko ang nagsabi, "Kapatid na Branham, kayang ikarga sa baril na 'yan ang Weatherby, puwede kong gawin 'yun at mura lang, kung ipagagawa mo sa akin." Buweno, pinagawa ko sa kanya.

⁸⁷ Nung ibinalik na, kinargahan ko ng bala 'yung baril, at nagtungo na't ibinaril ko, at 'yung baril nga'y sumabog sa mga kamay ko. At 'yung kargahan ng bala'y tumilapon nang halos umabot sa limampung-yarda na linya, at 'yung gabilya nama'y tumilapon sa likuran ko. At kakatwa nga na hindi ako nun nahati sa dalawa. Lima o anim na toneladang puwersa pa naman 'yun na *ganoon* lang kalapit sa akin.

⁸⁸ Buweno, sabi ng doktor, "Ang bagay lang na nalalaman ko, ay naroon ang mabuting Panginoon na prinotektahan ang Kanyang lingkod."

⁸⁹ Ngayon, ang bagay na iniisip ko dun, heto nga ito. Kung Weatherby Magnum lang sana 'yun, sa simula pa lang! Ano bang naging suliranin dun? May depekto kasi dun sa mahabang baril. Yung espasyo sa pinaka ulo nun ay maluwag ang pagkakakabit. Yan ang suliranin sa marami sa atin sa ating pagbabagong-loob, ang espasyo na 'yun sa pinaka ulo ay maluwag ang pagkakakabit.

⁹⁰ At—at, ngayon, kung Weatherby lang sana 'yun, mula sa simula, mula sa mismong bakal na ginamit, para gawin 'yung lalagyan ng bala, na 'yun ang pinanghulma at gumawa ng Weatherby Magnum, hindi sana 'yun sumabog. Pero dahil sa pinilit lang 'yun na gawing isang bagay na di naman 'yun 'yun talaga, mangyari nga na sumabog ito.

At ganoon din ang masusumpungan ng bawat tao, na nag-aangking Cristiano, na di naman nagpasimula nang tama sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan, siya'y sasabog at sasabog sa kung saan. Masyadong maraming tensyon sa loob.

Hindi 'yun uubra. Malalaman na lamang niya sasabog na lang siya kung saan.

⁹¹ Mga taong pilit na ginagaya ang pagmi-ministeryo ng iba, na di naman tinawag para dun, sa huli n'yan sasabog ito. Dapat kasi'y itinalaga ka ng Diyos.

Kailangan na Diyos ang gumawa, hindi sa kung anong pakikipagkamay, sa kung anong madamdaming kuwento, pero ang pagdulog ay dapat batay sa nabubong Dugo ni Cristo, at sa pananampalataya mo sa kung anong ginawa ng Diyos para sa iyo sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Kung hindi, bigla ka na lang sasabog sa kung saan. May umapak lang sa paa mo, hayan nga na sasambulat ka. Kita n'yo? Kita n'yo, tensyon nga 'yan na naiipon nang naiipon, sa tuwina, at darating 'yung oras na bigla na lang itong sasabog.

⁹² Ang tao nga'y dapat may pagnanais na manatili dun sa kanlungan. Hindi puwede 'yung dadako siya sa loob na panay naman ang reklamo. Kailangan may pagnanais siyang manatili, walang kung anu-anong reklamo. Sa labas, mamamatay siya. Sa loob, ligtas siya.

⁹³ Buweno, may gusto lang akong sabihin, sa mga tao rito, kung kayo po'y di pa Cristiano. Nagtungo ako sa bayan na ito na Kanlungan, mga tatlumpu't isang taon na ang nakalilipas. At, kapatid, ayaw ko na talagang lumabas. Oh, ang pagtungo ko na ito kay Cristo. Lahat ng inaasam ko ay *Narito*. Ayaw kong lumabas. Nananalangin nga ako araw-araw, "Oh Diyos, ako po'y nagagalak na narito ako. Iyong itulot na makapanatili ako." Ayaw na ayaw ko ngang umalis, at alam ko na di Niya ako iiwan. Alam kong di Niya kayo iiwan. At kung ang tensyon ay lumalala nang lumalala, kung ganoon nga, hayan nga na Siya ang ating labasan, para di na—di na natin ito alalahanin pa.

⁹⁴ At kung napupuno ka ng tensyon, at di mo malaman kung saan ka patungo, kung ano bang mangyayari sa iyo pagkatapos mong mamatay; at alam mo na mamamatay ka balang araw, may kailangan kang gawin; haya't ang bagay nga na 'yun ay ang lumapit mismo, ang lumapit kay Cristo, ang Kanlungan, at pakawalan ang tensyon. Determinado n'yong gawin 'yun, una't higit sa lahat.

⁹⁵ Kahit na ano pang mangyari, si Cristo ang ating Kanlungan. At sa pagdulog natin sa Kanya, magagawa natin na pakawalan ang tensyon. Maaari ka nang huminto sa pag-aalala, "Buweno, kung mamatay ako, anong mangyayari sa akin? Ano kayang mangyayari sa asawa kong babae? Ano kayang mangyayari sa asawa kong lalaki? Ano kayang mangyayari sa mga bata?" Lumapit lamang kay Cristo, at pakawalan ang tensyon. Ang lahat, ibinigay Niya sa atin ang lahat na mga bagay. Ang lahat ng mga bagay ay atin, sa pamamagitan ni Cristo, kaya hayaan

n'yong kumawala ang tensyon, 'yun ang tanging paraan para gawin 'yun.

⁹⁶ Marahil may magbibigay sa inyo ng isang milyong dolyar. Magbubunsod nga 'yun ng tensyon.

Marahil aanib ka sa isang iglesya, at magbubunsod pa rin 'yun ng tensyon. Dahil, sasabihin ng mga Methodist sa iyo na sila ang tama, "At ang Baptist ay mali." At sasabihin naman ng Baptist, "Mali sila, at kami ang tama." Kaya magbubunsod lang 'yun ng dagdag na tensyon, dahil di n'yo malaman kung saan ba kayo titindig.

⁹⁷ Pero kung makadulog kayo kay Cristo, maaari mong pakawalan ang tensyon, dahil matatapos 'yun dun, maaayos 'yun dun. Inilaang dako kasi 'yun ng Diyos para sa kaligtasan, kung saan sinabi ng Diyos, "Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na moog, tumatakbo patungo Rito ang mga matutuwid at sila'y ligtas."

Sa panahon ng karamdaman, kapag humagupit ang karamdaman, at sinasabi ng doktor, "Wala na akong anumang remedyo na magagawa tungkol dito," huwag n'yong hayaan na maipon nang maipon ang tensyon.

Pakawalan n'yo ang tensyon. Tumawag kayo sa inyong pastor. Magpapahid kayo sa kanya ng langis at ipanalangin kayo. "Ang pananalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit." Pakawalan ang tensyon. Kita n'yo?

⁹⁸ Siya ang ating Kanlungan. Habang narito kayo sa loob ng Kanlungang ito, mayroon kayong—mayroon kayong karapatan sa anuman na nasa loob ng Kanlungan. At si Cristo ang ating Kanlungan, at lahat ng pangagailangan mo ay narito sa Kanya. Amen.

Sa karamdaman, huwag n'yong hayaang maipon ang tensyon. Pakawalan n'yo ang tensyon.

⁹⁹ Sasabihin n'yo, "Buweno, inaalala ko lang—inaalala ko lang, Kapatid na Branham." Huwag n'yong alalahanin; hayaan n'yong kumawala ang tensyon. Itagubilin n'yo ang suliranin sa Diyos, at magpatuloy kayo na parang tapos na ito. Huwag n'yong hayaang maipon nang maipon ang tensyon. Ang dapat ay pakawalan ang tensyon.

¹⁰⁰ "Buweno," sasabihin n'yo, "Grabe po kasi ang pag-aalala ko, Kapatid na Branham. Di ko malaman."

Pakawalan n'yo ang tensyon. Amen. Sa bayan na Kanlungan, kinuha Niya ang inyong pag-aalala, nang sa gayon kayo—kayo nga'y wala na nito. "Ilagak n'yo ang inyong mga kabalisan sa Kanya, sapagkat Siya'y nagmamalasakit sa inyo." Huwag n'yong alalahanin ang mga kabalisan n'yo. Siya na ang bahala dun.

¹⁰¹ May nakatagpo akong babae, dito mga ilang taon na ang nakararaan sa isang baratilyong tindahan. Siya'y mga nasa

animnapung taong gulang na, pero ang itsura ay tatlung taong gulang. Sabi ko, “Paano mo nagagawa ’yan, kapatid na babae?”

¹⁰² Sabi niya, “Kapatid na Branham, may dalawa akong anak na lalaki na mga doktor, na mas matanda pa sa iyo.” At sa totoo lang, ang itsura niya—ang itsura niya ay parang di nga lalampas ng tatlung taong gulang. Sabi niya, “Heto ang sekreto. Nung lumapit ako kay Cristo, nung mga labing-dalawang taong gulang ako, naupo ako at pinagbulay ’yun. Akin ngang pinag-aralan ang ibang relihiyon. Pero nung matagpuan ko na ang tunay,” sabi niya, “Lumapit ako kay Cristo, at itinagubilin ko ang aking kaso, aking kaluluwa, ang aking lahat-lahat, sa Kanya.” At sabi niya, “Mula noon ay wala akong naging anumang pag-aalala.” Sabi, “Ngayon, nangako Siya na aasikasuhin ang lahat ng aking mga suliranin,” at sabi, “kung mangyari na Siya man ay di ganoong kalaki para resolbahin ’yun, ano pa naman kaya ako na heto’t di ganoong kalaki para resolbahin ’yun, kaya anong dahilan at aalalahanin ko ’yun?” Kita n’yo? Ganoon ’yun.

¹⁰³ Nangako si Cristo na Siya ang bahala sa lahat ng inyong mga kabalisahan. “Ilagak ninyo ang inyong kabalisahan sa Kanya.” Kaya anong inaalala n’yo? Nadadagdagan lang nang nadadagdagan ang tensyon kapag nag-aalala. Tapos sasambulat ang tensyon. Kaya ilagak n’yo ang inyong mga kabalisahan sa Kanya, at tumigil kayo sa pag-aalala. Buweno.

¹⁰⁴ Ngayon, “Buweno,” sasabihin n’yo, “paano ko gagawin?” Manghawakan lang sa Kanyang pangako. Nangako Siya na reresolbahin Niya, maging sa oras ng kamatayan, kapag ang anghel ng kamatayan ay tutungo na sa silid. “Oh, Kapatid na Branham, alam ko na nenerbyusin ako.” Oh, huwag. Nasa Kanlungan kayo. Huwag, huwag. Alam n’yo na mamamatay kayo; siguradong lilisan at lilisan ka sa anumang paraan, kaya magtungo lamang sa Kanlungan, at makararamdam ka ng kapanatagan. Ganoon nga. Ligtas ka hangga’t nasa loob ka ng Kanlungan. Alalahanin n’yo, namatay Siya para sa inyo. May malasakit Siya para sa inyo. Namatay Siya para sa inyo.

¹⁰⁵ Ngayon tingnan natin. Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabihin, kapag ang anghel ng kamatayan ay kakatok na sa pinto, di ka pa rin matetensyon?” Hindi, maski kaunti’y hindi. “Buweno, paano mo magagawa ’yun?” Pumasok ka sa Kanlungan. Ganoon lang. “Buweno,” sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham. . . .”

¹⁰⁶ Buweno, ngayon sandali lang. Kunin nating halimbawa ang Israel, doon noon sa Egipto. Dumating ’yung panahon noong sabihin ng Diyos, “Isusugo Ko ang anghel ng kamatayan sa lupain, at kikitilin ko ang bawat isa na panganay sa pamilya,

maliban kung may dugo sa pinto,” nung panahon na ’yun ng dakilang gabi ng paskuwa.

¹⁰⁷ Ngayon, heto ang Israel, isang pinangakuang bayan na patungo sa lupang pangako. At sila . . . Gabi noon ng paskuwa. Ang anghel ng kamatayan ay naroon sa lupain. At mauulinigan natin ang isang palahaw mula sa lansangan. Sisilipin natin. Dalawang malalaki’t, maiitim na pakpak ang kumakampay sa lansangan. Sa palagay n’yo ba tuwang-tuwa ang Israel? Hindi, po.

¹⁰⁸ Ang kamatayan ay naroon lang sa may pinto. Tumanaw sa bintana ang munting batang lalaki. Siya ang panganay sa pamilya. Nakita niya ang malaking itim na anghel na ’yun. Bumaling siya’t ang sabi, “Tatay, mahal mo ba ako?”

“Oo naman, anak, mahal kita.”

“Buweno, tatay, di po ba ako ang panganay mo?”

“Oo, ikaw nga, anak.”

“Tingnan n’yo po roon, tatay. Kinuha ng anghel na ’yun ang munting batang lalaki. Kilala ko siya. Kalaro ko siya. Oh, tatay, heto na siya, papalapit sa bahay.”

“Pero, anak, nakita mo ba ang naroon sa poste ng pinto?”
Hallelujah!

“Daddy, makukuha niya ba ako?”

“Hindi, iho, anak. Hindi ka niya makukuha.”

“Bakit?”

¹⁰⁹ “Iyan kasi ang pangako Niya. ‘Kapag nakita Ko ang Dugo, lalampasan Ko kayo.’ Sige’t bumalik ka na roon at kunin mo ang mga laruan mo, at magsimula ka na ulit maglaro, anak. Hindi mo kailangan mag-alala. Nasa Kanlungan tayo ng Diyos. Pakawalan mo ang tensyon.”

¹¹⁰ Magagawa nga ng Israel na maupo’t magbasa ng Biblia; habang ang ibang tao’y naghihiyawan at napupuno ng tensyon, ang Israel ay payapa’t panatag. Bakit? Nariyan man ang kamatayan sa may pinto, anong kaibhan ang ibubunsod nun? Hindi sila masasaling nun.

¹¹¹ Kaya kapag ang kamatayan ay dumarating sa ating pinto, luwalhatiin ang Diyos, basta’t ang hinihiling ng Diyos, na Dugo, ay nailagay sa itaas ng haligi ng aking puso, anong kaibhan ang ibubunsod nun? Hindi ’yun makapagbubunsod ng pagkabahala sa akin.

¹¹² Sasabihin ng doktor na mamamatay ka na bukas, anong kaibhan ang ibubunsod nun? Ang Dugo ay naroon na sa haligi. Ikaw ay mamamatay at mamamatay, din naman. Pero kung ang Dugo na ’yun ay naipahid, may pagkabuhay na mag-uli ako na paparating. Amen.

113 Magagawa ng Israel na pumayapa, walang pamumuo ng tensyon sa kanila, dahil alam nila na ang anghel ng kamatayan ay di sila sasalingin. Sila’y nasa ilalim ng dugo. Yun ang inilaang daan ng Diyos.

114 Ngayon pansinin. Sabi, “Masisigurado ba ako n’yan?” Ngayon, mga Cristiano, heto tayo. “Masisigurado ba ako n’yan?” Ipinangusap ko na ito, nung nakaraang Linggo ng gabi.

115 Ngayon, ang Israel ay pinangakuang, tinipan na bayan, na bayan ng Diyos. Pinangakuan sila ng isang lupain kung saan nag-uumapaw ang gatas at pulot. Mangyari nga na wala pa sa kanila—wala pa sa kanila ang nakakakita sa lupaing ’yun. Wala pa sa kanila ang nakapunta roon. Pero kamit nila ang pangako para dun. Kita n’yo? Di pa sila nakakapunta roon. Wala silang nalalaman sa lupaing ’yun, pero ipinangako na sa kanila ang lupaing ’yun. At sila’y lumabas mula sa pagkaka-alipin sa kanila, sa pamamagitan ng kamay ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang propeta, at sila’y naglalakbay, sinasabi na sila’y mga manlalakbay at taga-ibang bayan, at nagtutungo sa isang lupain na di pa nila nakikita kailanman, mangyari nga na wala ni isa sa kanila ang nakakita dun noon. Isipin n’yo ’yun.

Tapos nakalapit na sila sa hangganan. May isang magiting na mandirigma sa gitna nila, na ang pangalan ay Josue. Ang kahulugan ng *Josue*. . . ang ibig sabihin nun ay “Jehovah na Tagapagligtas.” At si Josue ay tumawid ng Jordan, papasok sa lupaing pangako, at bumalik dala-dala ang ebidensya na ang dakong ’yun ay mabuting lupain. Nagdala sila ng kumpol ng mga ubas; dalawang tao pa nga ang kailangang magpasan nun. Eksakto mismo sa sinabi ng Diyos kung ano nga ’yun. Nag-uumapaw dun ang gatas at pulot. Di mapapasubalian na magdudulot ’yun na ang lahat ay magalak. Bakit? Dinala pabalik ni Josue ang ebidensya ng isang lupain na wala ni isa sa kanila ang may nalalaman tungkol dun, na ipinangako ng Diyos na ibibigay sa kanila. Kita n’yo? Dahil, sila’y may kamit na pangako sa lupain na ’yun, at nasa paglalakbay sila patungo roon.

116 Ngayon, isang araw ang sangkatauhan ay nalagay sa isang patibong, at may dumating na Isa sa lupa, na ang Pangalan ay Jesus Cristo. Ang ibig sabihin ng *Jesus* ay “Jehovah na Tagapagligtas.” At nagtungo Siya sa Jordan ng kamatayan. Tinawid ang Jordan, ng kamatayan, at bumangon noong umaga ng Pagkabuhay, na kamit ang ebidensya na ang isang tao ay maaaring mabuhay pagkatapos na mamatay. Hallelujah! Ang kamatayan ay di pala ang katapusan. Pinatunayan ’yun ni Jesus, na ang isang tao ay maaari palang mabuhay matapos na mamatay.

117 Tumayo Siya sa harapan nila, at ang sabi Niya, bago Siya umalis, ang sabi Niya, “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi ganoon, hindi Ko sasabihin sa inyo. At

Ako’y magtutungo at maghahanda ng isang dako. Ako roo’y magtutungo at maghahanda ng isang dako, at babalik, at kayo nga’y tatanggapin sa Akin; at kung saan Ako, ay doon din kayo.” Noong umaga na ’yun ng Pagkabuhay, matapos na . . .

Namatay Siya, na anupa’t ang buwan at mga bituwin at araw ay nahiya sa sarili nila. Namatay Siya, na anupa’t ang sundalong Romano na tumusok sa puso Niya gamit ang isang—ang isang sibat, at ang tubig at dugo ay naghiwalay. Siya nga’y talagang patay. Siya’y inilibing sa libingan, katulad ng kung sinong ibang tao. “Nagtungo sa impyerno ang kaluluwa Niya,” gaya ng sabi ng Biblia.

Pero nung umaga ng Pagkabuhay, nanumbalik Siya mula kamatayan, impyerno, at libingan, at nagsabi, “Ako Siya na patay noon, at Ako’y nabubuhay na magpakailanman, at kamit ang mga susi ng kamatayan at impyerno. Ako’y Tao.”

Sabi nila, “Isa Siyang espiritu.”

Sabi, “Bigyan ninyo Ako ng tinapay na may palaman na isda.” At kinain Niya ang isda’t tinapay.

¹¹⁸ Siya’y isang Lalaki na namatay at nagtungo sa Lupain, at bumalik dala-dala ang ebidensya na ang isang tao ay maaaring mabuhay pagkatapos mamatay. Anong magiging kinalaman ng kamatayan sa atin? Amen. Pakawalan ang tensyon.

¹¹⁹ Ngayon, hindi lang ganoon, haya’t ibinigay Niya sa atin ang pangako. Ano ’yun? Ibinigay Niya sa atin ang paunang patotoo ng ating mana. Sabi Niya, “Ngayon upang patunayan ito sa bawat mananampalataya. Ngayon lumalakad kayo rito sa kawalan ng pananampalataya. Hindi n’yo sinasampalatayanan ang Salita. Lumalakad kayo sa kasalanan at sa mga bagay ng sanlibutan. Pero Siya’t ang sumasampalataya sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, isang Buhay na di makikitil.”

¹²⁰ Pansinin n’yo ngayon, nung tanggapin natin ang Kanyang Espiritu, tayo na dating patay sa kasalanan at paglabag, Siya’y nagbigay sa atin ng bagong Kapanganakan, bagong Buhay. Anong ginawa Niya? Kanyang . . . Namatay tayo at inilibing kay Jesus. Bumangon tayo sa Espiritu, mula sa makasanlibutang mga bagay, patungo sa Makalangit na mga bagay. At ngayong gabi, “Nakaupo tayo na sama-sama sa Makalangit na dako kay Jesus Cristo.”

¹²¹ Ilan pang mga Cristiano rito ang iniibig ang sanlibutan? Kung ganoon kayo, hindi kayo Cristiano. Nag-aangkin lang kayo na Cristiano kayo, at di naman talaga nagmamay-ari. Dahil kapag ang isang tao’y nalasap na si Cristo, siya’y patay na mula sa mga bagay ng sanlibutan, at hindi mangyayari ano’t anumang na siya’y magkakaroon pa ng pagnanasa na bumalik dun.

¹²² Anong ibinubunsod nun? “Ang buhay,” sabi ni Pablo, “na dati kong ipinamumuhay, ay di ko na ipinamumuhay. Gayong

ako'y nabubuhay, ay hindi na ako ito, kundi si Cristo na narito sa akin." Bakit? Hinango Niya siya mula sa pagkasadlak sa makasanlibutang kasalanan, pataas sa isang dako na tayo sa ating pagbaling ay makikita kung saan nga ba tayo nanggaling. Luwalhati! Bumaling kayo at makikita n'yo kung saan tayo nabubuhay noon. Ngayon iba na ang ating pamumuhay. Ano 'yun? Yun ay kasiguraduhan na tayo'y patay na, at ang ating mga buhay ay nakukubli na kay Cristo, sa pamamagitan ng Diyos, at tayo'y natatakan na ng Espiritu Santo, at itinaas sa ibabaw ng mga bagay na ito. Kaya naman tayo'y nabubuhay, kamit ang siya ring mga patunay na dala-dala Niya nung Siya'y bumalik, para patunayan sa atin.

¹²³ Ang Lupain ay maluwalhati at ito ang paunang bayad. Ito ang paunang patunay ng ating pagkaligtas. Ito 'yung animo'y paunang pera na kalakip ang kontrata. Maluwalhati! Kalakip nito ang kontrata ng Diyos, "Ang duminig ng Aking mga Salita, na sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan at di na patutungo sa kahatulan, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Pakawalan mo ang tensyon, kapatid. Siyanga, po. Amen. Nakukuha n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹²⁴ Tingnan n'yo, habang si Elias na dakilang propeta, isang tipo ni Cristo. Si Eliseo, ang tipo ng Iglesia, na, ang dobleng sukat ng Espiritu ay dumating sa propeta. Tumawid siya sa Jordan isang araw; isang tipo ng panahon ngayon, itong gobyerno't mga bagay-bagay na mayroon tayo ngayon; si Ahab, si Jezebel, at iba pa. Kung natatandaan n'yo, sa pangangaral ko tungkol kay Jezebel. Pansinin n'yo nung si Eliseo ay nakasunod kay Elias, dahil sa isang kadahilanan. Amen. Saan niya siya dinala? Sa Jordan; sa Ramoth-Galaad, hanggang dun sa eskuwelahan ng mga propeta, tapos sa Jordan. Sa ganoong paraan din Niya kayo dadalhin. Dadaan sa pag-aaring ganap, pagpapaging banal, at mamamatay, para makatanggap ng Buhay. Amen. Hindi sa isang denominasyon o kung anong kredo. Kundi sa kamatayan sa inyong espiritu, nang sa gayon kayo'y maipanganak na muli. At si Eliseo . . .

¹²⁵ Hinampas ni Elias ang tubig na 'yun, tumawid sa Jordan, at sumunod sa kanya si Eliseo. At nung pabalik na si Eliseo sa lupain muli, sa kabilang pampang, bumalik siya kamit-kamit ang dobleng sukat.

Ngayon, sumusunod tayo kay Jesus sa Kanyang kamatayan, pagkalibing at bautismo . . . kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, ang ibig kong sabihin, hanggang sa bautismo. Sinasampalatayanan natin Siya. Tayo'y patay na sa mga bagay ng sanlibutan, inaamin natin na tayo'y walang halaga, nabautismuhan sa Kanyang Pangalan, nailibing kasama Siya sa bautismo, bumangon kasama Siya sa pagkabuhay na mag-uli. Ang ating mga espiritu'y nabubuhay lampas sa mga

bagay ng sanlibutan. Tapos tayo'y nakay Cristo. Ngayon kamit natin ang isang sukat.

¹²⁶ Sa pagbalik natin patawid sa hangganan ng kamatayan sa Jordan, magkakamit tayo ng isa na namang sukat. Itong mga katawan na mayroon tayo ngayon, mga espiritu na mayroon tayo, ay may Paunang Patotoo, ang Espiritu Santo na di namamatay, dahil Ito'y bahagi ng Diyos. At ang mga katawan na kinabubuhayan natin. . . "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan, at ibabangon Ko siya sa huling araw." Amen. Pakawalan ang tensyon.

¹²⁷ Ano naman ngayon, kung may mga bomba atomika o anuman na tatama? Hayaan n'yong gawin nila ang kung ano man. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . ng isang bagay na ito, na kamit natin ang Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ni Jesus Cristo na ating Panginoon. Kaya ano naman ngayon kung ano ang sabi-sabihin ng mundo. Ano naman ngayon kung may tensyon. Wala ngang kaso 'yun sa atin. Bakit? Dahil maaari nating pakawalan ang tensyon.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Come where the dew drops of mercy are bright;

Shine all around us by day and . . . [Blangkong

bahagi sa teyp—Pat.]

Jesus, the Light of the world.

¹²⁸ Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, itaas natin ang ating mga kamay.

We'll walk in the Light, beautiful Light,

Come where the dewdrops of mercy are bright;

Shine all around us by day and by night,

Jesus, the Light of the world.

¹²⁹ Makalangit naming Ama, natalo na sa pakikibaka si Satanas. Kami'y magpapatuloy lamang na magtitiyaga. Hindi hahayaan na maipon nang maipon ang tensyon. Nakatayo po ako rito, na ipinangaral ang "pagpapakawala sa tensyon," at pagkatapos ay inakala ni Satanas na mapapaalis niya ako mula sa pulpito, na mapipigil niya ako sa pagtawag ng pagdulog sa altar. Hindi po, Panginoon. Sa aking puso ay may bagay na nag-aalab dito, na sinasabi, "May isa rito. May isa rito na gustong sumpungan ang Bato na 'yun." Nagpapasalamat kami sa Iyo, Ama, para sa katagumpayan. Nung lumapit ang huling tao na 'yun sa altar, bumalik po uli ang kuryente. Nakita ng kaaway na natalo siya, kaya minabuti nitong isuko na lang ang pagpupunyagi.

¹³⁰ Naritong nakatayo, ngayong gabi, sa bilang ng biyaya, limang kalugud-lugod na mga kaluluwa. Lima: J-e-s-u-s, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, biyaya, b-i-y-a-y-a. Oh Diyos, Ikaw ang Diyos. Di ka nabibigo. Lagi Kang tama.

¹³¹ Nakatingin po ako rito, nakatayo rito sa gilid, ang anak na babae ni Kapatid na babaing Wilson. Naaalala ko ang munting dalagita na ito. Naalala ko nung tawagin Mo siya. Naaalala ko ang gabi na 'yun sa New Market, maraming taon na ang nakararaan. Doon sa dakong 'yun nung gabing 'yun, naaalala ko, Panginoon.

¹³² Heto na nakatayo sa tabi niya, isang dalagita, na galing pa ng New York, na bumiyahe para makasama kami.

¹³³ Heto na nakatayo ang isang kabataang lalaki at isang kabataang babae, na nasa maselang punto na ito, na ang mundo ay nariyan na inaatupag ang lahat na ng uri ng imoral na mga sayawan at mga gawain. Sila'y lumakad, na nagnanais sumpungan ang Bato na 'yun.

¹³⁴ Sa dulo ng altar ay nakatayo ang isang binatilyo, ang mga kamay niya'y nakataas, nais niyang—nais niyang sumpungan ang Bato. Jesus, Ikaw po ang Bato na 'yun. At sinabi Mo ito, “Sa tuwing may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako'y paroroon sa gitna nila.” Kaya naman, kung ganoon ay narito ang Bato na 'yun.

¹³⁵ Marahil kakatwa po, Ama, dahil napaka simple. Binunsod Mo na ang mga bagay-bagay ay maging napaka simple, para kami po'y hindi magkamali. Pero dahil sila'y tumindig mula sa kanilang kinauupuan at dumulog dito sa paanyaya; dahil, hayan nga, si Satanas na pilit silang inilalayo na gawin 'yun, bawat pagpupunyagi na inilalagay niya, pilit niyang ginagawa, pero siya'y talunan. Ngayon, bilang Iyong lingkod, akin pong ipapatong ang aking mga kamay sa kanila, at bibigkasin ang Iyo pong mga pagpapala. At, Diyos, nawa'y lumakip mismo. Dahil hayan sila'y tapat at sinsero na sumunod sa pangunguna ng Espiritu, mangyaring ganoon din ang ginagawa ko.

¹³⁶ Ngayon, hinihiling ko na ang kaluluwa ng aking kapatid na babae'y di mapahamak, na ang pagnanais ng puso niya para sa Buhay na Walang Hanggan ay maipagkaloob sa kanya, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

¹³⁷ Ipinapatong ko ang aking kamay sa aking kapatid na babaing ito, at yamang nalalaman na napakaraming mga pagsubok mismo ang dumadagsa sa kanya. Alam ko na siya'y nananalangin para sa kanyang minamahal na anak na lalaki. Natatalos ko sa tatay, habang ang mga luha'y gumuguhit sa kanyang mga pisngi, ngayong gabi, habang iniaabot niya ang munting piraso na 'yun ng ikapu. At kaninang umaga, nung kami po'y nanalangin at kanilang itinagubilin ang batang lalaki sa Panginoong Diyos. Minamahal po ng nanay at tatay na ito ang bata. At, Diyos, nag-aasam sila ng isang dako kung saan maaari nilang pakawalan ang tensyon at mapagtanto na ang lahat ay maayos. Ama, itinatagubilin po namin ito sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito. Wala kaming pangamba. Iyo pong

ibigay sa kanya ang kasiguraduhan na 'yun ngayon, Ama, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus ako'y dumadalangin.

¹³⁸ At, Ama, magkasamang dumulog dito ang kabataang lalaki at kabataang babae, mangyari nga na ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanila. Sila'y lumapit para pakawalan ang tensyon. Ang kabataang mag-asawa na gaya nito, mainam ang itsura na mga kabataan, alam namin na sila'y pamain mismo ng diyablo kung magagawa niyang gamitin sila. Pero sila'y inalis mula dun, katulad sa isang sulo ng apoy. Sila'y lumalapit dahil nagnanais silang masumpungan ang dakong silungan na 'yun. Nagnanais silang makapunta sa dakong 'yun kung saan maari nilang pakawalan ang tensyon, pakawalan ang tensyon, papayapain ang kanilang sarili sa harap ng Diyos, at malaman na Siya ang Diyos. Dalangin ko, Ama, na Iyong ipagkakaloob sa kanila ang pinagpalang katiyakan ngayon mismo. Nawa'y hanggang sa pinakamaliit na kaliskis ay mapagpag ito palayo, ngayon mismo.

¹³⁹ Itong kabataang lalaki rito, Panginoon, na nakatayo na ang kanyang mga kamay ay nakataas, na nasa pinaka dulo. At nung siya'y tumayo kanina at dumako rito, bumalik ang kuryente. Yun po ang bilang na nais Mo, 'yun ay pagtawag Mo. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit." Ang tanging bagay na gagawin na lang namin ay panghawakan ang Salita riyon, at sila na mga itinalaga ng Ama sa Buhay ay susunod. At ngayon siya'y dumulog. Inaasam niya na masumpungan ang tapyas na 'yun, Panginoon, para makaupo siya't makapagpahinga nang sandali. Dalangin ko, Diyos, na Iyong pangungunahan siya sa tapyas na 'yun ngayon.

¹⁴⁰ Nawa'y mabasag ang bawat tanikala. Nawa ang lahat, bawat pagsalungat na gumagambala sa mga taong ito, nawa'y maalis 'yun mula sa kanila ngayon mismo; nawa'y ang munting bagay na 'yun, munting init ng ulo, munting kung-anu-ano, munting pagkabugnutin, 'yung munting pag-aalala, 'yung pagdududa, 'yung munting kasalanan na nakakaabala. Panginoon, bilang kanilang kapatid, at Iyong lingkod, ako po'y namamagitan para sa kanila, na tumatayo sa pagitan ng buhay at ng patay. Diyos, pinanghahawakan ko na ang kanilang mga kaluluwa. Pinanghahawakan ko ang kanilang katagumpayan, sa kanilang pagtalima sa pagdulog sa altar. At alam namin na pilit hinahadlangan ito ni Satan. Pero pinanghahawakan na namin sila, akin ngang pinanghahawakan, bilang lingkod Mo. At inihaharap ko sila kay Jesus Cristo, bilang mga tropeo ng Kanyang biyaya, mga tropeo ng Presensya ng Espiritu Santo, ngayong gabi, na Siyang tumawag sa kanila kahit sa mahirap na kondisyon, at dinala sila sa Bato. Nawa'y pakawalan na nila ang tensyon ngayon, at mapagtanto na sinabi ni Jesus, na, "Walang makalalapit hangga't Aking tawagin. At lahat ng mga lumalapit, bibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan, at sila'y ibabangon

sa huling araw.” Ito na ’yun, Panginoon. Hinaharap ko sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁴¹ Pagpalain kayo, sa pagkakatayo n’yo riyon. Sa pagbalik n’yo sa inyong mga upuan, humayo kayo at pagtantuin na ang lahat ng inyong ninanais, at bawat kasalanan na gumagambala at bagay na mali, ay nasa ilalim na ng Dugo. Tapos na ito. *Ikaw* ba’y nananampalataya rito? *Ikaw* ba’y nananampalataya rito? *Ikaw* ba’y nananampalataya rito, kapatid na lalaki? *Ikaw* ba’y nananampalataya rito, kapatid na babae? *Ikaw* ba’y nananampalataya rito? Hayan nga’t, hindi—hindi na *gagawin* pa lang; *ginawa* na. Tama. Ito’y pangnagdaan.

¹⁴² Pagpalain kayo ng Diyos, ang pinakamainam sa buhay at ang Walang Hanggang Buhay, na inyo ngayong pagmamay-ari. Kayo’y nakaangat na, lampas sa kasalanan. Ang kasalanan ay nasa ilalim na ng inyong paa. Ano ngang magiging pakinabang sa akin, kung tatayo ako rito, na sasabihin sa inyo ang bagay na mali? Ituturing akong manlililang sa dulo ng daan. Kita n’yo? Tinanggap n’yo na ang Buhay na Walang Hanggan, dahil kayo po’y sumampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. Ngayon iwan na ang bawat kasalanan at bawat tanikala, humayo nang malaya. Pakawalan ang tensyon. Kayo’y Cristiano. Iniangat na kayo lampas sa kasalanan. Kamit n’yo na ang paunang patotoo ng inyong Walang Hanggang kaligtasan dahil tinanggap na kayo ni Cristo.

¹⁴³ Ngayon, hindi ba’t sinabi Niya, “Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama. At lahat ng mga lumalapit, ay bibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan at ibabangon siya sa huling mga araw”? [Sinasabi ng lima sa may altar, “Amen.”—Pat.] Kung ganoon ito na. Amen. Tapos na. Pagpalain kayo ng Diyos ngayon, na kayo’y biyayaan.

Iniiibig n’yo ba Siya, kayo na mga nariyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary’s tree.

¹⁴⁴ Ilan ang dama na ang lahat ng tensyon ay wala na? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Inangkla ko ang aking kaluluwa sa isang
dakong pahingahan,
Hindi na ako lalayag pa sa nangangalit na
karagatan;
Bagyo ma’y rumagasa sa ibabaw ng
nangangalit na kalaliman,
Subalit kay Jesus ako’y panatag ligtas
kailanman.

¹⁴⁵ Katulad nung kuwento tungkol kay Charles Wesley, nung siya'y nagtungo roon sa dalampasigan isang araw, may maliit na kubo siya roon. Nag-aaral siya. Pinangunahan siya ng Diyos na pumunta roon. Nag-aaral siya noon. Oh, ang Diyos nga'y nagsimulang kumilos sa kanya, para sumulat ng isang awitin. At di siya—di siya makapagsimula-simula. May tinatangka siyang simulan, pero umaalis ang inspirasyon mula sa kanya. Kaya nagtungo siya sa dakong 'yun para makapaglakad-lakad sa dalampasigan, pinakikinggan ang mga alon, at naisip niya na dun siya marahil huhugot ng inspirasyon, sa paghampas ng mga alon. Bigla na lang, may bagyong dumating.

Walang bagay na nangyayari na nagkataon lang. Ang lahat ay itinalaga na ng Diyos. Anuman 'yan na nangyayari, lahat ng mga bagay ay kumikilos nang lakip-lakip para sa ikabubuti.

¹⁴⁶ At nagsimula siyang sumilong dun sa munti niyang dampa. Nung tumakbo na siya, lumakas ang ihip ng hangin. Sa isip-isip niya, "Oh, tatangayin ako nito, sa—sa dalampasigan, bago ako makarating dun." At kaya itinaklob niyang maigi ang kanyang balabal, at nagsimulang tumakbo, at may bigla na lang dumapo sa dibdib niya. Tiningnan niya, at isang munting ibong-maya 'yun, dumapo para ito'y makanlong. Hinawakan niya 'yun sa kanyang dibdib hanggang sa matapos ang bagyo, at lumabas ang araw. Inilipat niya ang munting ibon sa daliri niya, at pinalipad niya ito palayo. At lumipad ito palayo, tapos inantig siya ng inspirasyon.

Bato ng mga Kapanahunan, na dahil sa aki'y tinapyasan,
Itulot nawang ikubli ko ang aking sarili sa Iyo.

¹⁴⁷ Oh, gustung-gusto ko 'yan! Bato ng mga Kapanahunan, ang Bato na 'yun sa isang pagod na lupain, isang Silungan sa panahon ng bagyo. Kita n'yo? Ang Bato na 'yun sa isang pagod na lupain, ako'y Iyong ikubli. Iyo akong ikubli, Oh Bato ng mga Kapanahunan, na dahil sa aki'y tinapyasan. Ang dakila't kinasihang mga manunulat ng mga awitin at ganoong mga bagay na kinaluluguran natin mapasa hanggang ngayon!

Sasabihin n'yo, "Ang mga awitin bang 'yun ay kinasihan?"

¹⁴⁸ Binanggit sila ni Jesus nung narito Siya noon sa lupa, sabi, "Hindi ba't nasusulat sa Mga Awit, sinabi ni David na *ganito-ganoon* 'yun?" Tunay, kinasihan ang mga ito. Katulad ng pangangaral o anupamang bagay, kinasihan ito.

¹⁴⁹ Ikinagagalak ko na mayroon akong Kanlungan. Iba mang kanlungan ay wala ako. Oo.

Nakatayo ang aking pananampalataya sa wala nang hihigit pa
Kundi sa katuwiran ni Jesus at mayaman
Niyang Dugo;

Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay
humantong na sa pagkabalid,
Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa
magpakailanman.
Sapagkat kay Cristo, sa matatag na Bato, ako
nakatayo,
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho, anupaman ito.

¹⁵⁰ Pagpalain kayo ng Diyos. Heto na po ang inyong pastor,
Kapatid na Ruddell. Pasensya na po, nawalan ng kuryente dahil
kay Satan, pero kamit-kamit nga ng Diyos ang katagumpayan,
ano't anuman. Amen.



PINAKAKAWALAN ANG TENSYON TAG62-0513E
(Letting Off The Pressure)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Mayo 13, 1962 sa Gospel Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org